SESSION 6

END TIMES SEMINAR

# THE JUDGMENT OF THE SHEEP AND THE GOAT

BISHOP REY DOMINGO

Bishop REY DOMINGO MINISTRIES

WEBSITE bishopreydomingoministries.org

FACEBOOK • YOUTUBE Bishop Rey Domingo Ministries

Ang atin pong pag-aaralan ngayon ay ang paksang Judgment Seat Of The Sheeps And The Goats. Ang kabuuan po ng aral ay mababasa sa Mateo 25:31-45.

*"Sa maluwalhating pagdating ng Anak ng Tao, kasama ang lahat ng anghel, uupo siya sa kanyang trono ng kaluwalhatian. Tipunin sa harapan niya ang lahat ng mga bansa at sila'y kanyang pagbubukud-bukurin, tulad ng ginagawa ng pastol sa mga tupa at mga kambing. Ilalagay niya sa kanyang kanan ang mga tupa, at sa kaliwa naman ang mga kambing. Kaya't sasabihin ng hari sa mga nasa kanan niya, 'Halikayo, mga pinagpala ng aking Ama! Pumasok kayo at tanggapin ang kahariang inihanda para sa inyo mula pa nang likhain ang daigdig..."Sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, 'Lumayo kayo sa harapan ko, kayong mga isinumpa! Doon kayo sa apoy na di namamatay na inihanda para sa diyablo at sa kanyang mga kampon"*

**MATEO 25:31-33,41**

Sa pagtatapos ng 7 taon ng Matinding Kapighatian (The Great Tribulation) ay magaganap ang Battle of Armageddon o Digmaan sa Armageddon.

Ang Panginoong Jesus ay bababa kasama ang mga mananampalataya na Kanyang iniakyat sa langit (raptured saints) at ang kaniyang mga anghel. Ang lugar na doon bababa ang Panginoong Jesus ay sa bundok ng Olibo (Mount of Olives) sa bansang Israel. Ang bundok ay mahahati sa gitna bunga ng malakas na lindol na magaganap.

Samantala ang mga kawal ng anticristo ay nakapasok na noon sa Israel na ang layunin ay lipulin ang lahat ng mga Hudyo, matatakot ang bansang Israel sa dumating na mga kawal ng anticristo sapagkat alam nilang hindi nila kayang maipagtanggol ang kanilang bansa sa lubhang maraming kaaway na nakapasok na sa kanilang hangganan.

Sa pagkakita nila na dumarating ang Panginoong Jesus mula sa langit ay kaagad na kikilalanin nila na ang Panginoong Jesus nga ang kanilang hinihintay na Messias. Makikita nila ang Panginoong Jesus na dumarating na hari ng mga hari at Panginoon ng mga Panginoon. Ang Panginoon ang haharap sa mga kawal ng Anticristo. Inilarawan ang tanawing ito sa Pahayag:

*"...Ang sakay nito'y tinatawag na Tapat at Totoo, sapagkat matuwid siyang humatol at makipagdigma. Parang nagliliyab na apoy ang kanyang mga mata, at sa kanyang ulo ay mayroong maraming korona. Nakasulat sa kanya ang isang pangalan niya na siya lamang ang nakakaalam ng kahulugan. Basang-basa sa dugo ang kanyang kasuotan at ang tawag sa kanya ay "Salita ng Diyos." Sumusunod sa kanya ang mga hukbo ng langit, na nakadamit ng malinis at puting lino at nakasakay rin sa mga kabayong puti. May matalim na tabak na lumalabas sa kanyang bibig na gagamitin niyang panlupig sa mga bansa...Nakasulat sa kanyang kasuotan at sa kanyang hita ang ganitong pangalan: **"Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon."***

**PAHAYAG 19:11-15**

Sa pagharap ng Panginoon sa mga kawal ng Anticristo sa Battle of Armageddon ay ganito ang magiging resulta:

*"pinisa sa labas ng bayan ang mga ubos at mula sa pisaan ay bumaha ng dugo, ang lawak ng baha ay **300 kilometro** at ang lalim ay **sintaas ng nguso ng kabayo**".*

**PAHAYAG 14:20**

Nabanggit natin ang talatang ito noong ating pag-aralan ang Battle of Armageddon. Sa bibig ng Panginoon nagmumula ang matalim na tabak na pumuksa sa mga kawal ng Anticristo. Ang mga bangkay ng mga kawal ay ipapakain ng Panginoong Jesus sa mga ibon na ang pagkain ay mga karne.

*"Nakita ko naman ang isang anghel na nakatayo sa araw. Sumigaw siya nang malakas at tinawag ang mga ibon sa himpapawid, "Halikayo, at magkatipon para sa malaking handaan ng Diyos! Kainin ninyo ang laman ng mga hari, ng mga kapitan, ng mga kawal, ng mga kabayo at ng kanilang mga sakay. Kainin din ninyo ang laman ng lahat ng tao, alipin at malaya, hamak at dakila!"*

**PAHAYAG 19:17-18**

Sa pagtatapos ng Digmaan sa Armageddon, ang Anticristo na siyang puno ng one world government at ang Bulaang Properta na siya namang puno ng one world religion ay ihahagis sa dagat ng kumukulong apoy at asupre.

*"At hinuli ang halimaw at kasama niya ang bulaang propeta na gumawa ng mga tanda sa harapan nito, na siyang ipinandaya sa mga tumanggap ng tanda ng halimaw at sa mga sumamba sa larawan nito. Ang dalawang ito ay buháy na inihagis sa lawa ng apoy na nagliliyab sa asupre."*

**PAHAYAG 19:20**

Inihagis sa lawa ng apoy na nagliliyab na asupre ang halimaw o ang Anticristo at ang Bulaang Propeta samantalang si Satanas naman ay ibinilanggo sa isang napakalalim na hukay at ginapos ng 1,000 taon.

*"Pagkatapos nito'y nakita ko ang isang anghel na bumababa mula sa langit, hawak ang isang malaking kadena at ang susi ng napakalalim na hukay. Sinunggaban niya ang dragon, ang matandang ahas na walang iba kundi ang Diyablo o Satanas, at ginapos ito sa loob ng sanlibong (1,000) taon."*

**PAHAYAG 20:1-2**

Pagkatapos ng Digmaan sa Armageddon, pagkatapos na maihagis ang anticristo at ang bulaang propeta sa lawa ng apoy at si Satanas naman ay maigapos sa isang lubhang malalim na hukay, isasagawa ng Panginoong Jesus ang Judgment of the Sheep and the Goats o Paghatol sa mga Tupa at mga Kambing. Basahin nating muli ang sumusunod na talata:

*"Sa maluwalhating pagdating ng Anak ng Tao, kasama ang lahat ng anghel, uupo siya sa kanyang trono ng kaluwalhatian. Tipunin sa harapan niya ang lahat ng mga bansa at sila'y kanyang pagbubukud-bukurin, tulad ng ginagawa ng pastol sa mga tupa at mga kambing. Ilalagay niya sa kanyang kanan ang mga tupa, at sa kaliwa naman ang mga kambing. Kaya't sasabihin ng hari sa mga nasa kanan niya, 'Halikayo, mga pinagpala ng aking Ama! Pumasok kayo at tanggapin ang kahariang inihanda para sa inyo mula pa nang likhain ang daigdig..."Sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, 'Lumayo kayo sa harapan ko, kayong mga isinumpa! Doon kayo sa apoy na di namamatay na inihanda para sa diyablo at sa kanyang mga kampon"*

**MATEO 25:31-34,41**

Ang Judgment of the Sheep and the Goats o Paghatol sa mga Tupa at mga Kambing ay ang paghatol na gagawin ng Diyos sa indibidwal na mga tao ng bawat bansa na nabubuhay sa katawang pisikal matapos ang Digmaan sa Armageddon. Ang mga tupa ay kumakatawan sa mga naging Kristiano sa panahon ng Matinding Kapighatian (Great Tribulation period) at ang mga kambing naman ay kumakatawan sa mga taong nabubuhay sa pisikal na katawan na hindi kumikilala sa Panginoong Jesus o hindi sumampalataya sa Kaniya hanggang noong matapos ang Matinding Kapighatian.

Ang proseso ng paghatol ay ang pagtawag sa bawat bansa at mula sa mga bansang iyon ay pipiliin ang mga nanampalataya sa Panginoon (mga tupa) at ang hindi nanampalataya sa Panginoon (mga kambing). Ang mga mananampalataya (mga tupa) na nasa Kaniyang kanan ay pagsasabihan na pumasok sa kahariang sa kanila ay inihanda, ito ay ang 1,000 taon ng paghahari ng Panginoong Jesus sa daigdig. Ang mga hindi mananampalataya naman (mga kambing) na nasa kaliwa ng Panginoong Jesus ay sasabihan: "Lumayo kayo sa harapan ko kayong mga sinumpa! Doon kayo sa apoy na di namamatay, na inihanda para sa diablo at sa kaniyang mga kampon!"

Pansinin natin na hindi sinabi na ang lawang apoy na di mamamatay ay inilaan sa mga tao, ang totoo ang lawang apoy ay inihanda para lamang sa diyablo at sa kaniyang mga kampon. Kaya naman maging maliwanag sa ating lahat na walang itinakda ang Diyos na taong mapunta sa impierno, ang lahat ng mapupunta sa impierno ay napunta roon dahil sa pagtanggi nila sa Panginoong Jesus.

Ilang grupo ng mga tao ang tuwirang may kaugnayan sa Judgment of the Sheep and the Goats at anong bahagi ang kanilang ginampanan sa kabuuang kasaysayan o magiging kasaysayan ng judgment seat of Christ? Tingnan natin ang mga talatang hindi natin binasa kanina at ating itanong ang tatlong katanungan:

- Ilang grupo ng mga tao ang sangkot sa judgment of the sheep and the goats?
- Bakit ang grupo ng mga mananampalataya sa Panginoong Jesus (kumakatawan sa tupa) ay nagkapalad na pumasok sa kaharian?
- Bakit ang grupo ng mga hindi nanampalataya sa Panginoong Jesus (kumakatawan sa mga kambing) ay itataboy sa kaparusahang walang hanggan?

## ILANG GRUPO NG MGA TAO ANG SANGKOT SA JUDGMENT OF THE SHEEP AND THE GOATS?

Mayroon pong tatlong grupo ng mga tao ang sangkap sa hukumang ito:

Ang una ay ang mga mananampalataya o ang mga tinawag na sheep.

Ang ikalawa ay ang mga hindi mananampalataya o mga tinawag na goats.

Ang ikatatlo ay mababasa sa mga talatang sumusunod:

**MATEO 25:40**

*"Sasabihin ng Hari, 'Tandaan ninyo, nang gawin ninyo ito sa pinakahamak sa mga kapatid kong ito, sa akin ninyo ito ginawa.'"*

*"At sasabihin sa kanila ng Hari, 'Tandaan ninyo, nang pagkaitan ninyo ng tulong ang isa sa pinakahamak sa mga ito, ako ang inyong pinagkaitan.'*

**MATEO 25:45**

Ang ikatlong grupo na sangkot sa hukumang tupa at kambing ay ang tinawag ng Panginoong Jesus na "mga kapatid kong ito" ito ang lahi ng mga Judio, sa lahing ito nanggaling ang Panginoong Jesus.

Noong ating pag-aralan ang "Gog and Magog War" at ang "Battle of Armageddon" ay ating nalaman na itinuturo ng Biblia na ang layunin ng mga magpa-plano at magsasagawa ng mga digmaang ito ay upang pinsalain, pagnakawan at lipulin ang mga Judio.

## BAKIT ANG GRUPO NG MGA MANANAMPALATAYA SA PANGINOONG JESUS (KUMAKATAWAN SA TUPA) AY NAGKAPALAD NA PUMASOK SA KAHARIAN?

Ang Ikalawang sagot ay nasa Mateo 25:34-40.

*"Kaya't sasabihin ng hari sa mga nasa kanan niya, 'Halikayo, mga pinagpala ng aking Ama! Pumasok kayo at tanggapin ang kahariang inihanda para sa inyo mula pa nang likhain ang daigdig. Sapagkat ako'y nagugutom at ako'y inyong pinakain; ako'y nauuhaw at ako'y inyong pinainom. Ako'y isang dayuhan at inyong pinatuloy. Ako'y hubad at ako'y inyong dinamitan, nagkasakit at inyong dinalaw, nabilanggo at inyong pinuntahan.' "Sasagot ang mga matuwid, 'Panginoon, kailan po namin kayo nakitang nagutom at aming pinakain, o nauhaw at aming pinainom? Kailan po kayo naging dayuhan at aming pinatuloy, o kaya'y hubad at aming dinamitan? At kailan po namin kayo nakitang nagkasakit o nabilanggo at kayo'y aming dinalaw?' "Sasabihin ng Hari, 'Tandaan ninyo, nang gawin ninyo ito sa pinakahamak sa mga kapatid kong ito, sa akin ninyo ito ginawa.'"*

**MATEO 25:34-40**

Kaagad-agad ay mapapansin ninyo na ang dahilang sinabi ng Panginoon sa kanila ay ang mga mabubuting ginawa nila sa mga Judio o mga kapatid ng Panginoong sa lahi. Kasabay noon ay ating itatanong may dalawa bang paraan ng pagpasok sa kaharian ng Diyos? Ang isa'y sa pamamagitan ng pananampalataya at ang isa'y sa pamamagitan ng mga ginawang mabubuti?

Sa buong Banal na Kasulatan po ay iisa ang paraan ng kaligtasan, ito ay pananampalataya sa Panginoong Jesus. Ang mga mananampalataya sa panahon ng Lumang Tipan ay sumampalataya sa Panginoong Jesus na darating pa, ang mananampalataya sa panahon ng Bagong Tipan, kasama tayo, ay sumampalataya sa Panginoong Jesus na dumating na.

Ang isa sa indikasyon na ang mga mananampalataya sa Matandang Tipan ay sumampalataya sa Panginoong Jesus na noong panahon nila ay darating pa ay mababasa sa Hebreo 11:24-26.

*"Sa pananampalataya, nang lumaki na si Moises, ay tumangging siya'y tawaging anak ng anak na babae ni Faraon; Na pinili pa ang siya'y tampalasanin na kasama ng bayan ng Dios, kay sa magtamo ng nagsisikupas na kaligayahan sa pagkakasala; Na inaring malaking kayamanan ang kadustaan ni Cristo..."*

**HEBREO 11:24-26**

Kung ang mga tao ng Matandang Tipan at mga tao ng Bagong Tipan ay parehong naligtas sa pananampalataya lamang sa Panginoong Jesus, paano natin ipapaliwang ang sinasabi na sa Judgment of the Sheep and the Goats ay sinabi mismo ng hari na pumasok ang mga mananampalataya (sheep) sa kaharian dahilan sa lubhang maraming mabubuting gawain na ginawa nila sa mga Hudyo na sinabi ng Panginoong Jesus na sa kanya ginawa?

Ang inilitaw po ng Banal na Kasulatan dito ay hindi ang paraan ng kaligtasan kundi ang ebidensya ng pagiging ligtas. Ang sitwasyon po sa panahon ng Great Tribulation na noon mangyayari, ang mga ito ay lubhang mapanganib at ng kasukdulang kahirapan. Walang humpay ang pagsisikap ng gobyerno ng Anticristo na mahanap upang patayin ang mga Hudyo. Nasa matinding paghihirap ang mga Hudyo sapagkat sila ay hindi nagpatatak, kaya sila ay hindi makabibili o makapagbibili.

Ang mga hindi Hudyo o mga Hentil na naging Kristiano sa panahong iyon ay isasakripisyo ang kanilang buhay at buhay ng kanilang mga kaanak na kristiano rin para lamang kupkupin ang mga Hudyo. Dahilan sa kahanga-hangang sakripisyong ito ng pag-ibig ng mga kristianong hentil sa mga mananamapalatayang Hudyo, ang binigyan ng diin sa Banal na Kasulatan ay ang ebidensya ng kanilang pananamapalataya, ang mabuting gawa.

## BAKIT ANG GRUPO NG MGA HINDI NANAMPALATAYA SA PANGINOONG JESUS (KUMAKATAWAN SA MGA KAMBING) AY ITATABOY SA KAPARUSAHANG WALANG HANGGAN?

Ang sagot po sa tanong na ito ay mababasa sa Mateo.

*“Sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, ‘Lumayo kayo sa harapan ko, kayong mga isinumpa! Doon kayo sa apoy na di namamatay na inihanda para sa diyablo at sa kanyang mga kampon. Sapagkat hindi ninyo ako pinakain noong ako'y nagugutom; hindi ninyo ako pinainom noong ako'y nauuhaw. Hindi ninyo ako pinatuloy noong ako'y isang dayuhan. Hindi ninyo ako dinamitan noong ako'y hubad. Hindi ninyo ako dinalaw noong ako'y may sakit at noong ako'y nasa bilangguan.’ “At sasagot din sila, ‘Panginoon, kailan po namin kayo nakitang nagutom, nauhaw, walang matuluyan, hubad, may sakit, o nasa bilangguan, na hindi namin kayo tinulungan?’ “At sasabihin sa kanila ng Hari, ‘Tandaan ninyo, nang pagkaitan ninyo ng tulong ang isa sa pinakahamak sa mga ito, ako ang inyong pinagkaitan.’”*

**MATEO 25:41-45**

Ang dahilan ng parusang walang hanggan na iginawad sa mga nasa kaliwa ng Panginoon ay sinabing hindi binigyan ng pagkain, inumin, damit, hindi pinatuloy, hindi dinalaw noong may sakit at nasa bilangguan.

Ang hindi nila paggawa nito ay isang uri ng kasalanan, ang tawag ay sin of omission. Sa Santiago 4:17 ay sinabi “ang nakakaalam ng mabuti na dapat niyang gawin ngunit hindi ito ginagawa ay nagkakasala.”

Ang dahilan ng parusang walang hanggan na iginawad sa mga nasa kaliwa ng Panginoon ay sinabing hindi binigyan ng pagkain, inumin, damit, hindi pinatuloy, hindi dinalaw noong may sakit at nasa bilangguan.

Ang hindi nila paggawa nito ay isang uri ng kasalanan, ang tawag ay sin of omission. Sa Santiago 4:17 ay sinabi "ang nakakaalam ng mabuti na dapat niyang gawin ngunit hindi ito ginagawa ay nagkakasala."

Ang mga nasa kaliwa ng Panginoong Jesus na tatanggap ng kaparusahang walang hanggan ay mapaparusahan sapagkat sila ay makasalanan sa tatlong kadahilalanan:

- Sila'y makasalanan – ang lahat ay nagkasala, Roma 3:23
- Sila'y makasalanan sapagkat hindi nila ginawa ang mabuti na dapat nilang gawin – Santiago 4:17
- Sila'y makasalanan sapagkat hindi nila tinanggap ang Panginoong Jesus na Panginoon ng kanilang buhay – Juan 3:18

*"Kaya't sasabihin ng hari sa mga nasa kanan niya, 'Halikayo, mga pinagpala ng aking Ama! Pumasok kayo at tanggapin ang kahariang inihanda para sa inyo mula pa nang likhain ang daigdig"*

**MATEO 25:34**

Kung saan nanggaling ang nasa kanan na pinapasok sa kaharian ay mababasa sa:

**PAHAYAG 7:9**

*"Pagkatapos nito'y nakita ko ang napakaraming tao na di kayang bilangin ninuman! Sila'y mula sa bawat bansa, lipi, bayan, at wika. Nakatayo sila sa harap ng trono at ng Kordero, nakadamit ng puti at may hawak na mga palaspas."*

Sila ang mga nanampalataya sa Panginoon sa panahon ng Matinding Kapighatian na nagsisampalataya dahilan sa pangaral ng 144,000 na mga Hudyong mangangaral. Mayroon ding napabilang na mananampalataya sa panahong iyon ng Great Tribulation dahil naman sa pangangaral ng dalawang saksi (two witnesses) – Pahayag 11:3-12.

At maryroon ding mapapabilang sa kalipunan ng ilalagay sa kanan ng Panginoong Jesus na mga Hudyo na nanampalataya bilang katuparan ng sinabi sa Roma:

**ROMA 11:25-26**

*"Mga kapatid, isang hiwaga ang nais kong malaman ninyo upang hindi maging mataas ang palagay ninyo sa inyong sarili. Ang pagmamatigas ng Israel ay sa isang bahagi lamang hanggang sa mabuo ang takdang bilang ng lahat ng mga Hentil na lalapit sa Diyos. Sa paraang ito, maliligtas ang buong Israel..."*

Ang pambansang pagkakaligtas ng Israel ay sa oras na makita nila ang Panginoong Jesus na bumababa sa alapaap kasama ang mga raptured saints at ang mga anghel – ito ay magganap sa pagtatapos ng Matinding Kapighatian, sa oras na sisimulan ang Digmaan sa Armageddon.

## ANG TATLONG HUKUMAN NG PANGINOON

Atin na pong napagaralan ang tatlong uri ng hukuman ng Panginoon:

- Ang una ay ang hukuman doon sa krus. Doon ang makasalanang sumampalataya sa Panginoong Jesus ay hinatulan na absuwelto sa parusang kamatayan kasabay namang tumaggap ng regalo ng Diyos na buhay na walang hanggan.

- Ang ikalawa ay ang Judgment Seat of Christ. Ang hukuman ay nasa langit, doon ang mga mananampalataya sa Panginoong Jesus ay hinatulan batay sa kanilang ginawa matapos manampalataya samanatlang nabubuhay sa lupa. Ang layunin ng paghatol ay upang magkaroon o hindi magkaroon ng gantimpala ang isang Kristiano.

- Ang ikatlong hukuman ay ang Judgment of the Sheep and the Goats. Ang hukumang ito ay dito sa lupa isasagawa. Ito ay para sa mga nanampalataya sa Panginoon o tumanggi sa Panginoon sa panahon ng Dakilang Kapighatian (Great Tribulation). Ang layunin ay upang ang mananampalatayang nabubuhay sa pisikal na katawan ay papasukin sa 1,000 taon ng paghahari ng Panginoong Jesus at upang ang mga tumanggi ay ihagis sa kaparusahang walang hanggan.

WATCH HERE (WITH Q&A)

FACEBOOK

YOUTUBE

WEBSITE